



Manwal ng Etika ng Estado ng Nevada Mga Proseso at mga Parusa

Mahahalagang Punto

Bahagi ng manwal na ito ay naglalayong ipaliwanag ang mga Batas sa Etika ng Nevada (NRS Kabanata 281A) sa payak na wika para lamang sa layuning pang-edukasyon. Hindi ito nilalayong palitan ang legal na payo. Kung kailangan mo ng legal na interpretasyon para sa isang partikular na isyu, mangyaring kumonsulta sa legal na pangkat ng iyong ahensya o humiling ng opinyon mula sa Komisyon.

Mga Pangunahing Kahulugan

Pagdinig na Adyudikatoryo: Isang pampublikong pagdinig kung saan parehong panig ng kaso ang Ehekutibong Direktor at ang Paksa ay may pagkakataong ihayag ang kanilang panig ng kwento. Sa pagtatapos ng pagdinig, ang Komisyon ang magpapasya sa magiging resulta ng kaso.


Kasunduang Pag-antala: Isang alternatibong resolusyon na nagsasangkot ng pagsasanay o hakbang na pagwawasto sa halip na isang pormal na opinyon mula sa Komisyon.

Disposisyon: Tumutukoy sa kinalabasan o kung paano nalutas o naayos ang isang bagay. Maaaring ipahiwatig nito ang pasya o resulta kaugnay ng isang partikular na usapin o sitwasyon.

Makatarungan at Sapat na Dahilan: Sapat na basehan upang ituloy ang isang kaso.

Pasya ng Panel: Pagkatapos ng isang imbestigasyon, isang panel na binubuo ng tatlong Komisyonado ang nakikinig sa ulat ng imbestigasyon at nagpapasya kung ano ang susunod na hakbang para sa reklamo.

Proseso ng Opinyong Payo



Larawan na binuo ng Nevada Commission on Ethics gamit ang CanvaTM.

Tanging mga sakop ng hurisdiksiyon ng Komisyon ang maaaring humiling ng opinyong payo, gaya ng mga opisyal at empleyado ng pamahalaan. Ang mga nailathalang opinyon ay matatagpuan sa [Opinions Database](#) sa website ng Komisyon.

Ang seksyong ito ng manwal ay naglalayong ipaliwanag ang mga Batas sa Etika ng Nevada ([NRS Chapter 281A](#)) sa payak na wika para lamang sa layuning pang-edukasyon. Hindi ito nilalayong palitan ang legal na payo. Kung kailangan mo ng legal na interpretasyon para sa isang partikular na isyu, mangyaring kumonsulta sa legal na pangkat ng iyong ahensya o [humiling ng opinyong payo mula sa](#) Komisyon.



Manwal ng Etika ng Estado ng Nevada

Mga Proseso at mga Parusa

Paghingi ng Kaluwagan sa Pamamagitan ng Opinyong Payo:

- Panahon ng Pagpapalamig
- Pagkakaroon ng Kontrata
- Ilang partikular na limitasyon sa lobbying

Upang humingi ng kaluwagan mula sa mga pagbabawal sa ilalim ng NRS 281A, kailangan mong magsumite ng pormal na kahilingan para sa [request for an Advisory Opinion](#) sa Komisyon sa Etika.


Siguraduhing isama sa kahilingan ang komprehensibong paliwanag kung bakit ito kinakailangan, na binibigyang-diin ang interes ng publiko, patuloy na etikal na integridad ng kaugnay na ahensya, at anumang kaugnay na probisyon ng NRS 281A.

Isumite ang iyong kahilingan nang nakasulat sa Komisyon sa Etika at maghintay ng hindi bababa sa 45 araw pagkatapos maisumite ang lahat ng ebidensya. Tandaan na ang desisyon nila ay pinal at maaaring isailalim sa pagsusuri ng hukuman.



Manwal ng Etika ng Estado ng Nevada Mga Proseso at mga Parusa

Proseso ng Reklamo



Larawan na binuo ng Nevada Commission on Ethics gamit ang Canva™

Mga Kinakailangan sa Reklamo (tingnan ang [NRS 281A.710](#))

Ang Komisyon ay maaari lamang magbigay ng opinyon sa mga reklamong saklaw ng kanilang hurisdiksiyon. Kahit sino, kabilang na ang mismong Komisyon, ay maaaring magsampa ng reklamo sa etika. Gayunman, ang mga taong kasalukuyang nakakulong ay hindi maaaring magsampa ng reklamo.

Ang mga reklamo ay dapat isumite na may sapat na ebidensya upang suportahan ang mga paratang; kung hindi sapat ang ebidensya sa itinakdang panahon, ito ay ibabasura. Ang mga opinyong kaugnay ng reklamo ay maaaring makita sa [Opinions Database](#) sa website ng Komisyon.

Ang seksyong ito ng manwal ay naglalayong ipaliwanag ang mga Batas sa Etika ng Nevada ([NRS Chapter 281A](#)) sa payak na wika para lamang sa layuning pang-edukasyon. Hindi ito nilalayong palitan ang legal na payo. Kung kailangan mo ng legal na interpretasyon para sa isang partikular na isyu, mangyaring kumonsulta sa legal na pangkat ng iyong ahensya o [humiling ng opinyong payo mula sa](#) Komisyon.



Manwal ng Etika ng Estado ng Nevada

Mga Proseso at mga Parusa

Pagpapasya sa Hurisdiksiyon (tingnan ang [NRS 281A.715](#))

1. Pagkatapos matanggap ang reklamo sa etika, mayroong 45 araw ang Komisyon upang magpasya kung may kapangyarihan itong hawakan ang kaso at kung may sapat na ebidensiya upang imbestigahan ito.
2. Kung magpasya ang Komisyon na wala itong kapangyarihan sa kaso, ibabasura nito ang reklamo.
3. Kung magpasya ang Komisyon na may kapangyarihan ito ngunit kulang sa ebidensiya upang bigyang-katwiran ang isang imbestigasyon, ibabasura rin nito ang reklamo. Maaari rin itong maglabas ng lihim na liham ng babala o instruksyon para sa pampublikong opisyal o empleyado upang bigyan sila ng impormasyon ukol sa kanilang tungkulin sa ilalim ng Batas ng Etika sa Pamahalaan.
4. Kung magpasya ang Komisyon na may kapangyarihan ito at may sapat na ebidensiya upang bigyang-katwiran ang isang imbestigasyon, iuutos nito sa Executive Director na imbestigahan ang reklamo.

Pasya ng Panel (tingnan ang [NRS 281A.725](#), [NRS 281A.730](#) at [NRS 281A.740](#))

1. Mayroong 70 araw ang Ehekutibong Direktor upang kumpletuhin ang imbestigasyon at magsumite ng nakasulat na rekomendasyon sa isang panel ng pagsusuri, maliban na lang kung ang nasasakdal ay kusang tatalikuran ang panahong limitasyon. Pagkatapos nito, ang review panel ay may 15 araw upang magpasya kung may sapat na dahilan tinatawag na just cause upang bigyan ng opinyon ng Komisyon ang kaso. Ang limitasyong ito sa oras ay maaari ring talikuran ng nasasakdal.
2. Pagkakataong Tumugon: Hindi maaaring magpasya ang review panel kung may sapat at makatarungang dahilan maliban kung nabigyan ng pagkakataon ang pampublikong opisyal o empleyado na tumugon sa mga paratang. Ang Pagtugon ay mahalagang pagkakataon para sa nasasakdal na aktibong makilahok sa proseso ng paglutas ng reklamo.
3. Mga Posibleng Kinalabasan
 - Pagbasura: Kung walang sapat at makatarungang dahilan, ibabasura ng review panel ang kaso. Maaaring may kasamang liham ng babala o wala.
 - Kasunduang Pag-antala: Kung may sapat at makatarungang dahilan, ngunit maaaring maresolba sa pamamagitan ng pagsasanay o aksyong pagwawasto, maaaring aprubahan o buuin ng panel ang isang kasunduang pag-antala kapalit ng pagsangguni sa kaso sa Komisyon.
 - Kung hindi sumang-ayon ang opisyal/empleyado sa mga tuntunin ng kasunduan na inaalok ng review panel, ang kaso ay itutuloy sa Komisyon para sa isang adyudikatoryong pagdinig.

Ang seksyong ito ng manwal ay naglalayong ipaliwanag ang mga Batas sa Etika ng Nevada ([NRS Chapter 281A](#)) sa payak na wika para lamang sa layuning pang-edukasyon. Hindi ito nilalayong palitan ang legal na payo. Kung kailangan mo ng legal na interpretasyon para sa isang partikular na isyu, mangyaring kumonsulta sa legal na pangkat ng iyong ahensya o [humiling ng opinyong payo mula sa](#) Komisyon.



Manwal ng Etika ng Estado ng Nevada

Mga Proseso at mga Parusa

- Pagdinig na Adyudikatoryo: Kung may sapat at makatarungang dahilan at hindi piniling mag-alok ng kasunduang pag-antala ang review panel, ang kaso ay isusulong sa pagdinig na adyudikatoryo.

Istruktura ng Tagapanuri ng Panel:

- Ang Tagapangulo ang pipili ng tatlong miyembro ng Komisyon sa paikot-ikot na batayan upang gampanan ang mga gawain ng review panel.
- Hindi maaaring magsama ang Tagapangulo at Pangalawang Tagapangulo sa iisang review panel.
- Hindi hihigit sa dalawang miyembro mula sa iisang partidong pampulitika ang maaaring mapabilang sa iisang review panel.
- Kung ang review panel ay nakakita ng just cause, ang mga miyembrong bumoto para sa pasyang iyon ay hindi na maaaring lumahok sa anumang karagdagang pagdinig sa parehong kaso.

Pagdinig na Adyudikatoryo (tingnan ang [NRS 281A.745](#))

- Kailangang magsagawa ang Komisyon ng isang pagdinig na adyudikatoryo at maglabas ng opinyon ukol sa usapin sa loob ng 60 araw, maliban kung kusang tatalikuran ng nasasakdal ang panahong ito, matapos ang alinman sa mga sumusunod:
 1. Ang Tagapanuri ng Panel ay nagre-refer ng reklamo sa etika sa Komisyon, o
 2. Kinansela ng Komisyon ang kasunduang pag-antala
- Sa pagdinig na adyudikatoryo, tinutukoy ng Komisyon ang mga sumusunod:
 1. Kung may naganap bang paglabag,
 2. Kung ang paglabag ay ginawa nang sinadya o hindi, at
 3. Ang nararapat na remedyo o parusa.




Manwal ng Etika ng Estado ng Nevada

Mga Proseso at mga Parusa

Mga Parusa

Gumagamit ang Komisyon ng mga salitang boluntaryo at hindi boluntaryo upang ilarawan ang tindi ng reklamo at ang nararapat na parusa. Nasa ibaba ang mga halimbawa ng parusa na maaaring ipataw ng Komisyon upang lunasan ang isang paglabag sa etika. Ang kumpletong listahan ng mga parusa ay matatagpuan sa [NRS 281A.785](#). Gamit ang mga pamantayan mula sa [NRS 281A.775](#), tinutukoy ng Komisyon kung ang isang paglabag sa etika ay boluntaryo o hindi boluntaryo:

- Tindi ng paglabag
- Etikal na kasaysayan ng tao
- Gastos ng mga proseso
- Mga salik na nagpapagaan gaya ng kusang pag-ulat at pagsubok na itama ang pagkakamali
- Kabuuang bayad-pinsala na ibinalik
- Kinita o nalamang pinansiyal na pakinabang
- Anumang ibang bagay na maaaring hingin ng katarungan



Ito ang mga pinakakaraniwang parusa. Tingnan ang NRS 281A.785 para sa kumpletong listahan.

Sa mga kasong may maraming paglabag, bawat isa ay sinusuri ng Komisyon upang tukuyin kung ito ay ginawa nang boluntaryo o hindi. Kaya't maaaring magkaroon ng halo ng parehong uri ng paglabag sa isang kaso.

May awtoridad ang Komisyon na "Magsagawa ng alinmang kombinasyon ng mga hakbang o anumang makatuwirang aksyon na sa tingin ng Komisyon o ng review panel, kung naaangkop, ay makalulunas sa paglabag o inaakalang paglabag, o makapipigil sa kahalintulad na mga paglabag o asal." Tingnan ang [NRS 281A.785](#).

Ang seksyong ito ng manwal ay naglalayong ipaliwanag ang mga Batas sa Etika ng Nevada ([NRS Chapter 281A](#)) sa payak na wika para lamang sa layuning pang-edukasyon. Hindi ito nilalayong palitan ang legal na payo. Kung kailangan mo ng legal na interpretasyon para sa isang partikular na isyu, mangyaring kumonsulta sa legal na pangkat ng iyong ahensya o [humiling ng opinyong payo mula sa](#) Komisyon.



Manwal ng Etika ng Estado ng Nevada

Mga Proseso at mga Parusa

Sample Opinions

- [In re Lawson, Opinyon ng Komisyon Blg. 18-060C \(2020\)](#)
- [In re Weber, Opinyon ng Komisyon Blg. 20-010C \(2021\)](#)
- [In re Reese, Opinyon ng Komisyon Blg. 22-104C \(2023\)](#)

Resources

- [Paano Maghain ng Reklamo 11-minutong Video](#)
- [Proseso ng Reklamo sa Etika 11-minutong Video](#)
- [Mga Parusa 10-minutong Training Video](#)
- [Flow Chart ng Proseso ng Reklamo](#)

Ang seksyong ito ng manwal ay naglalayong ipaliwanag ang mga Batas sa Etika ng Nevada ([NRS Chapter 281A](#)) sa payak na wika para lamang sa layuning pang-edukasyon. Hindi ito nilalayong palitan ang legal na payo. Kung kailangan mo ng legal na interpretasyon para sa isang partikular na isyu, mangyaring kumonsulta sa legal na pangkat ng iyong ahensya o [humiling ng opinyong payo mula sa](#) Komisyon.